

Bilingual Ang mga katutubong kuwentong Hapon

Isinulat ni Natsuko Hama

Iginuhit ni Youhei Yokoyama

 <p>Urashima Taro</p>	 <p>Kaguyahime, prinsesa ng kawayan</p>	 <p>Ang Mga Jizo at Salakot ni Lolo</p>
 <p>Ang away ng alimango at ng unggoy</p>	 <p>Ang Napangasawang Ibong Tagak</p>	 <p>Ang Matapat na Lolong nagpasobol ng mga Bulaklak</p>

バイリンガル

にほんむかしばなし

ぶん はま なつこ え 絵 : よこやま ようへい

Pilipino at Hapon

フィリピンご と にほんご

たげんごでんし えほんぶんこ
多言語電子絵本文庫 7

Mga nilalaman

Urashima Taro	6
Kaguyahime, prinsesa ng kawayan	22
Ang Mga Jizo at Salakot ni Lolo	38
Ang away ng alimango at ng unggoy	52
Ang Napangasawang Ibong Tagak	68
Ang Matapat na Lolong nagpasobol ng mga Bulaklak	82

< Pasimula >

Noong 2003, narinig namin na may isang nanay na mula sa ibang bansa na nakapag-asawa ng isang Hapon. Sinabi niya, "Hindi kailangan ang aking inang-wika sa Japan." Sa pag-aasam na maipasa sa mga anak ang mga katutubong wika ng mga dayuhang magulang, sinimulan naming gumawa ng mga multilingual electronic picture books mula noong taong 2009.

Sa taong 2015, may boses mula sa isang nanay na gusto raw niyang bumasa ng katutubong kuwentong Hapon sa mga anak niya. Anim na kuwento ang isinalin sa siyam na wika, na may kasamang audio o boses. Ang mga electronic picture books na ito ay ginagawa ng multimedia daisy format at ipinapalabas sa Internet.

Sa taong 2020 at 2021, gumawa kami ng mga DVD ng mga kuwentong ito at ibinigay sa mga aklatan ng buong bansa.

Sa taong ito ng 2022, sa buwan ng Enero, nakatanggap kami ng isang kahilingan na puwede ba raw gawin na nakalimbag na mga libro ang mga multimedia picture books. Pagsang-ayon sa kahilingang ito, ginawa namin ang mga libro.

Ang mga kuwentong Hapon na ito ay isinalin sa siyam na iba-ibang

wika katulad ng Indonesian, Ingles, Korean, Espanyol, Intsik, Nepali, Pilipino, Vietnamese at Portuges.

Puwedeng mapakinggan ang mga audio sa site ng RAINBOW.

Dahil may ginawang pagbabago sa mga libro na salin sa Chinese, Korean at Portuguese, sa site ng Daisy mapapansin din na may pagbabago sa mga audio nito.

<はじめに>

2003年、国際結婚をしている外国人のお母さんが、「日本では私のことばは必要がない」と言うのを聞きました。両親のことばが子どもに引き継がれるように願って、2009年から多言語電子絵本を制作してきています。

2015年、日本の昔話を子どもに読んでやりたいというお母さんの声がありました。6つのお話を9言語に翻訳し、音訳して、マルチメディアデイジー形式の電子絵本をつくり、インターネットで公開しています。

2020年、21年、同じものをDVDに入れて、全国の図書館に贈りました。

2022年1月、印刷された本で読みたいという要望が寄せられ、本誌を作ることにしました。二言語（バイリンガル）表記で、インドネシア語、英語、韓国語、スペイン語、中国語、ネパール語、フィリピン語、ベトナム語、ポルトガル語の9種類あります。音声はRAINBOWのサイトから聴いてください。なお、本誌作成にあたり、中国語、韓国語、ポルトガル語は翻訳をし直したので、デイジー再生の音声と一部、異なります。


< Libro ng multimedia daisy >

Ito ay electronic na libro na tumutulong sa mga taong nahihirapang basahin nang maayos ang nakalimbag na mga teksto.

Habang pinapakinggan ang audio, ang mga teksto ay naka-highlight sa dilaw, kaya malalaman kung saan o alin ang binabasa.

Maaari ring baguhin ang laki ng teksto at bilis ng audio ayon sa gusto ng mambabasa.

Ang mga likha ng Rainbow ay makikita agad sa ChattyBooks ng multimedia Daisy sa mga computer, mga tablet at mga smart phone.



<マルチメディアデイジー図書について>

印刷された文字をすらすら読めない人の読書を助けてくれる電子図書です。

画面上の文字は、音声とともに黄色くハイライトしていくので、どこを
よ
読んでいるかわかります。文字の大きさや速さも読む人に合わせて、変え
ることが出来ます。

RAINBOWの作品はパソコン、タブレット、スマートフォンで、すぐに再生するChattyBooks（チャッティブックス）になっています。

2022年4月



多言語絵本の会 RAINBOW

<https://www.rainbow-ehon.com>



Urashima Taro

Isinulat ni Natsuko Hama

Iginuhit ni Youhei Yokoyama

うらしまたろう

ぶん はま なつこ
文：浜 なつ子

え よこやま ようへい
絵：よこやま ようへい

Urashima Taro	Indonesian	インドネシアご
Urashima Taro	Ingles	えいご
우라시마 타로	Korean	かんこくご
Urashima Taro, El pescador Taro Urashima	Espanyol	スペインご
浦島太郎	Intsik	ちゅうごくご
うらしまたろう	Hapon	にほんご
उरासिमा तारो	Nepali	ネパールご
Urashima Taro	Filipino	フィリピンご
Urashima Tarou	Vietnamese	ベトナムご
Urashima Tarou	Portuges	ポルトガルご



1) Ang kuwentong ito ay nangyari noong unang panahon. May isang mangingisda na ang pangalan ay Urashima Taro. Araw-araw, nangingisda siya sa dagat.

Gayunpaman, noong araw na iyon, natapos na lang ang buong araw, pero wala pa rin siyang nabbingwit.

"Ahh, bakit kaya at wala akong nabibingwit?"

Nagsalitang mag-isa si Urashima Taro. Tapos, bigla na lang, naramdaman niya na parang may kumagat sa kanyang biwas.

1) おかし、おかしの ことです。


うらしまたろう と いう りょうしが いました。

まいにち、うみで さかなを つります。

ところが、その ひは いつまで たっても つれません。

「ああ、どうして つれないんだろう」

うらしまたろうが つぶやくと、あれっ？ なにかが つれま
した。



2) Ubos lakas niya itong inangat at nakita niya na ang nabingwit niya ay isang napakalaking pagong. Pero, pinakawalan din niya ito.

"Pagong, bumalik ka sa dagat, at mamuhay nang maligaya," sinabi niya sa pagong.

Noong araw na iyon, wala ni isa man lang nabingwit si Urashima Taro. Mayamaya, nakarinig siya ng boses na tumawag sa kanya ng, "Mang Urashima." Ang napakalaking pagong na nabingwit niya pala ang tumawag sa kanya.

" Ako po ay isang lingkod ng prinsesa Otohime sa palasyo ng dragon sa loob ng dagat. Dadalhin ko po kayo hanggang sa palasyo ng dragon. Sige po, sumakay po kayo sa likod ko."

2) ちからいっぱい、ひきあげると、それは おおきな かめ
でした。

うらしまたろうは かめを にがして やる ことに しました。

「かめさんよ。うみに もどって しあわせに くらすんだ
よ」

その ひ、さかなは いっぴきも つれません でした。

すると、「うらしまさん、うらしまさん」という こえが
しました。

あの おおきな かめでした。

「わたしは りゅうぐうの おとひめさまの つかいです。

あなたを りゅうぐうへ つれて いって あげましょう。

さあ、わたしに のって ください」



3) Pagkatapos sumakay ni Urashima Taro sa likod ng pagong, sumisid ito patungo sa ilalim ng dagat.

Hindi nagtagal, nakita ni Urashima ang palasyo ng dragon na nagkikislap-kislap. Maraming isda ang nagsasayawan.

"Tignan po ninyo, masasaya po ang mga isda na bumabati sa inyo."

Inihatid ng pagong si Urashima Taro hanggang sa loob ng palasyo ng dragon.

3) うらしまたろうが かめの せなかに のると、かめは
ずんずん うみの なかに もぐって いました。

やがて、きらきら ひかる りゅうぐうが みえて きました。
たくさんの さかなたちが おどって います。

「ほら、たいも ひらめも あなたを むかえて よろこんで
います」

かめは うらしまたろうを りゅうぐうの なかに つれて
いきました。



4) Binati si Urashima Taro ng prinsesa Otohime na ang kagandahan ay noong lang niya nakita.

"Mang Urashima Taro. Salamat po sa pagtulong ninyo sa pagong. Ipalagay po ninyo ang inyong sarili dito. Isipin po ninyo ng parang bahay na ninyo ito," sinabi ng prinsesa Otohime.

Mula noon, araw-araw ay namuhay nang maligaya si Urashima Taro kasama ng prinsesa Otohime.

4) みた ことも ない かわいらしい おとひめさまが
うらしまたろうを むかえて くれました。

「うらしまたろうさま、かめを たすけて くれて ありがと
う ございます。ここが あなたの うちだと おもって
くださいね」

うらしまたろうは おとひめさまと まいにち、 たのしく
くらししました。



5) At isang araw, pagkatapos ng 3 taon, biglang naalaala ni Urashima Taro ang kanyang nanay. At dahil dito, bigla na lang na parang gustong bumalik ni Urashima Taro sa kanilang bahay. Dala ng prinsesa Otohime ang isang magandang kahon, at sinabi niya kay Urashima Taro.

"Ito ay isang misteryosong kahon. Ito ay tinatawag na tamatebako."

"Misteryosong kahon?" tanong ni Urashima Taro.

"Oo. Kung gusto ninyong bumalik dito, huwag po ninyong buksan ang kahon na ito," sabi ng prinsesa Otohime.

5) そうして さんねんが すぎた ある ひの ことです。

うらしまたろうは、ふっと おかあさんの ことを おもいだ
しました。

すると、すぐにでも いえに かえりたく になりました。

おとひめさまは きれいな はこを もって きて いいました。

「これは、たまてばこ です」

「たまてばこ？」

「はい、あなたさまが ここへ また もどって きたいと

おもうのなら、けっして この はこを あけては いけませ
ん」



6) Sumakay si Urashima Taro sa likod ng pagong at bumalik siya sa kanilang bahay, pero nagulat siya nang nakita niya na wala na ang kanilang bahay. Tamang-tama, may dumating na isang matandang babae. Tinanong niya ito.

"Saan po ba ang bahay ni Urashima Taro?" Pagkatapos mag-isip, sabi ng matandang babae.

"Nakarinig ako ng isang kuwento noon na may isang tao na ang pangalan ay Urashima Taro na hindi na nakabalik mula sa kanyang pangingsida sa dagat. Pero, ito ay isang kuwento na 300 taon na ang nakakaraan."

"Talaga!? 300 taon?" Sa sobrang gulat ni Urashima Taro,
hindi niya alam kung ano ang dapat gawin.

6) かめの せなかに のって かえって きた

うらしまたろうは びっくりして しまいました。

うらしまたろうの いえが なくなって いたのです。

ちょうど やって きた おばあさんに、「うらしまたろうの
いえは どこですか？」 と ききました。

おばあさんは かんがえてから いいました。

「おかし うらしまたろうと いう ひとが、うみから かえ
って こなかったと いう はなしを きいた ことが あり
ます。でも、さんびゃくねんも おかしの はなしですよ」

「ええっ！ さんびゃくねん？」

うらしまたろうは おどろいて、 どうして いいのか わから
なく なりました。



7) "Teka, sandali lang, may kahon akong dala."

Tahimik na binuksan ni Urashima Taro ang tamatebako. Pagkatapos niyang buksan ang kahon, dahan-dahan may lumabas na puting ulap mula sa loob nito. Unti-unting nagbago ang anyo ni Urashima Taro.

Pumuti nang pumuti ang kanyang buhok at mga kilay hanggang siya ay naging ganap na matanda.


Isinakalin ni Natsumi Yamaoka, Maria Ella Narita

7) 「そうだ、この はこが ある」

うらしまたろうは たまてばこを そっと あけました。

すると、なかから しろい くもが もくもくと でて きま
した。

うらしまたろうは かみのけも まゆも まっしろな おじい
さんに なって しまいました。



Kaguyahime, prinsesa ng kawayan

Isinulat ni Natsuko Hama

Iginuhit ni Youhei Yokoyama

かぐやひめ

ぶん はま なつこ
文：浜 なつ子

え
絵：よこやま ようへい

Putri Kaguya	Indonesian	インドネシアご
Kaguyahime	Ingles	えいご
카구야 공주	Korean	かんこくご
La princesa de bambú	Espanyol	スペインご
月亮公主	Intsik	ちゅうごくご
かぐやひめ	Hapon	にほんご
बाँसको राजकुमारी	Nepali	ネパールご
Kaguyahime, prinsesa ng kawayan	Filipino	フィリピンご
Nàng công chúa trong ống tre	Vietnamese	ベトナムご
Princesa Kaguya	Portuges	ポルトガルご




1) Ang kuwentong ito ay nangyari noong unang panahon. May isang matandang lalaki na pumunta sa bundok para kumuha ng kawayan. "Oh, may kumikislap na isang kawayan. Putulin ko kaya ito. Sige nga!"

1) おかし、おかしの ことです。

おじいさんが、やまへ たけを とりに いきました。

「おや、いっぽんだけ ひかって いる たけが あるぞ。

ちょっと きって みよう。どれ、どっころしよ」



2) "Ha! May isang maliit na batang babae sa loob nito."

"Aalagaan namin ito ng asawa ko."

Dahan-dahan, kinuha ng matandang lalaki ang batang babae, at binalot niya ito sa kanyang kamay at umuwi sa kanilang bahay.

"Wow, napakagandang bata nito," sabi ng asawa ng matandang lalaki.

"Anong pangalan ang ibibigay natin sa kanya?" tanong ng matandang babae sa kanyang asawa.

"Tatawagin natin siya na Kaguyahime."

2) 「おや おや、ちいさな おんなの こが いるぞ。

よしっ、わしと ばあさんで そだてて あげよう」

おじいさんは、その こを そっと てのひらに

つつんで、いえに かえりました。

「まあ、なんて ちいさくて かわいい おんなの こだ
こと。おじいさん、なまえは どう しましょうか」

「かぐやひめに しょう」



3) Mula ng dumating si Kaguyahime sa bahay ng matandang lalaki, may katakatakang bagay na nangyari. Lagi na lang may lumalabas na maraming pera kapag nagpuputol ng kawayan ang matandang lalaki. Agad agad na naging mayaman ang matandang mag-asawa. Hindi nagtagal, lumaki si Kaguyahime. Kumalat ang tsismis tungkol kay Kaguyahime at ang kagandahan nito sa buong lugar. Maraming mga binata ang dumating para mag-alok ng kasal sa kanya. Pero, tinanggihan silang lahat ni Kaguyahime.

3) かぐやひめが きてから、おじいさんの いえでは ふし
ぎな ことが おこりました。

おじいさんが とった たけから、かならず おかねが でて
きたのです。


おじいさんたちは、たちまち おかねもちに なりました。

やがて、かぐやひめは、みるみる おおきく なりました。

うつくしい ひめが いる。かぐやひめの うわさは、くに
じゅうに ひろまりました。

たくさんの ひとが けっこんを もうしこみに きました。

しかし、かぐやひめは みんな ことわって しまいました。



4) Lumipas ang 3 taon.

"Kaguyahime, bakit ka umiiyak kapag tinitingnan mo ang buwan?"

"Mahal naming Kaguyahime, bakit ka malungkot?" tanong ng matandang lalaki.

Sa wakas, sumagot na si Kaguyahime.

"Ako ay hindi isang tao sa mundong ito. Ako ay nagmula sa buwan. Pag bilog ng buwan, kailangan kong bumalik doon."

"Oh Kaguyahime, ano ba ang pinagsasabi mo?" tanong ng matandang lalaki.

"Ako rin, gusto ko pang manatili sa tabi ninyo. Hiningi ko sa hari ng buwan na payagan ako na dito na tumira sa inyo, pero hindi niya ako pinahintulutan."

Sa kalungkutan, umiyak si Kaguyahime dahil alam niya na hindi na niya makikita uli ang matandang mag-asawa.



4) さんねんが たった ころです。

「かぐやひめや、なぜ つきを みて なくのだい」

「わたしたちの たいせつな かぐやひめ、なにが かなしい
のですか」


とうとう かぐやひめは いいました。

「わたしは にんげんの せかいの ひとでは ありません。
つきの せかいの ひとです。まんげつの ひに つきに か
えらないと いけないのです」

「かぐやひめや、いったい なにを いったい いるのだい」

「わたしも おじいさんと おばあさんの そばに もっと
いたいのです。つきの おうさまに、もっと ここに いさせ
てくださいと おねがい したのですが、ゆるされません
でした」

かぐやひめは、おじいさんと おばあさんに、もう にどと
あえなくなる ことが かなしくて ないて いたのです。




5) At dumating ang araw sa pagbilog ng buwan. Para ipagtangol si Kaguyahime mula sa hari ng buwan, maraming samurai ang naghintay sa paligid ng bahay at naghanda para sa pagdating ng hari. Ito ay nasa alas-dose ng gabi. Biglang nagliwang ang buong paligid ng bahay. Maraming taong taga-buwan ang bumaba mula sa ulap. Ipinuntirya ng mga samurai ang kanilang mga pana patungo sa mga ito, pero nawalan sila ng lakas kaya hindi nila nagawang panain ang mga taong taga-buwan.

5) どうとう まんげつの ひに なりました。

かぐやひめの いえの まわりは、つきの おうさまから
ひめを まもる ために、おおぜいの さむらいが まちかま
えて います。

よるの じゅうにじ でした。いえの まわりが きゅうに
かがやきました。つきの せかいの ひとが、なんにんも
くもに のって おりて きたのです。

それに おけて さむらいたちは、ゆみを かまえるのです
が、ちからが はいらずに うてません。



6) "Lolo at lola, maraming salamat po sa lahat ng kabutihan ninyo hanggang sa mga sandaling ito. Pasensiya na po kayo na hindi ko kayo maaaring alagaan hanggang sa pagtanda ninyo."

Ipinasuot ng mga taong taga-buwan ang damit ng isang anghel kay Kaguyahime.

Pagkatapos naisuot kay Kaguyahime ang damit ng isang anghel, naglaho ang damdaming tao ni Kaguyahime tulad ng lungkot at saya.

At ganap na bumalik ang pagiging taga-buwan ni Kaguyahime. Kasama ng mga ibang taong taga-buwan,

umangat pataas nang pataas si Kaguyahime patungo sa kalawakan.

Isinakalin ni Natsumi Yamaoka, Maria Ella Narita

6) 「おじいさん、おばあさん、いままで ありがとう ございました。これから としを とって いく おふたりの おせわが できず、ごめんなさい」

つきの せかいの ひとが、あまの はごろもを かぐやひめに きせました。

すると、かぐやひめの なかから、にんげんの よろこびや かなしみなどの きもちが きえて しまいました。

かぐやひめは、つきの せかいの ひとに もどったのです。

そして つきの せかいの ひとたちと いっしょに、そら

たかく のぼって 行って しまいました。



Ang Mga Jizo at Salakot ni Lolo

Nilikha ni Natsuko Hama

Isinalarawan ni Yohei Yokoyama

かさじぞう

ぶん：はま なつこ

え：よこやま ようへい

Jizou Bercaping	Indonesian	インドネシアご
The Straw Hat Jizo	Ingles	えいご
삿갓 지장보살	Korean	かんこくご
Kasa Jizou, Los sombreros de Paja y las estatuas Jizou	Espanyol	スペインご
斗笠地藏菩薩	Intsik	ちゅうごくご
かさじぞう	Hapon	にほんご
खासाजिर्जा (छात्रेढोपी ओडेको मूर्तिहरू)	Nepali	ネパールご
Ang Mga Jizo at Salakot ni Lolo	Filipino	フィリピンご
Đội nón cho tượng địa tạng	Vietnamese	ベトナムご
Estátuas de Jizou	Portuges	ポルトガルご



1) Noong unang panahon, may mag-asawang matanda.

“Bagong taon na bukas. Subalit wala man lang tayong kakanin sa bahay.”

“Oo nga.”

“Magbenta tayo ng kung anu-ano para magkaroon tayo pambili ng kakanin.”

“Sige, gumawa tayo ng salakot gamit itong dayami at ibebenta ko sa bayan.”

Ang mag-asawa ay masigasig na gumawa ng salakot kaya’t nakabuo sila ng limang piraso.

1) おかし、おかしの ことです。

ある ところに、おじいさんと おばあさんが すんで いました。

「あしたは おしょうがつ ですね。でも、うちには おもちも ありません」

「そうだなあ」

「なにかを うって、おもちを かいましょう」

「よし、この ほした くさで かさを つくって うりにいこう」

おじいさんと おばあさんは、せっせと かさを つくりました。かさは、いつつ できあがりました。



2) Lumuwas sa bayan ang lolo, at dala niya ang kanyang panindang mga salakot.

“Eeey, salakot, salakot, bili na kayo ng salakot!” Pero wala siyang nabenta kahit isa.

“Haay, umuulan na ng nyebe. Hindi na bale, uuwi na lang ako.”

Habang siya’y naglalakad pauwi, lalong lumalakas ang pagbagsak ng nyebe.

At may na-aninag siyang mga hugis sa malayo.

2) おじいさんは、かさを もって まちに やって きました。

「かさは いかがですか。かさは いりませんか」

でも、かさは ぜんぜん うれません でした。

「やれやれ、ゆきが ふって きて しまった。しかたが
ない、うちに かえろう」

おじいさんは、うちに おかって あるきだしました。

ゆきは だんだん はげしく ふって きました。



3) “Ha?! Ano iyon? Parang may mga tao sa banda doon.”

Paglapit ng lolo, ang kanyang nakita na parang mga taong nakatayo, ay anim na rebulto ng Jizo o maliliit na buddha.

“Mga Ginoong Jizo, giniginaw siguro kayo at nakukumutan na kayo ng nyebe. Heto, gamitin po ninyo ang mga salakot ko.”

At ang mga salakot na hindi niya nabenta ay isa-isang isinuot ng lolo sa mga Jizo.

“Hala, lima lang ang salakot kong paninda, subalit anim naman ang Jizo. Kulang ng isa. Heto, gamitin 'nyo na lang ang akin.”

Tinanggal ng lolo ang suot niyang salakot at ibinigay sa ika-anim na Jizo.

3) 「あれ、あそこに だれか いるぞ」

ちかづいて みると、おじぞうさん でした。おじぞうさんが
ろくにん みちに たって いたのです。

「おじぞうさん こんなに ゆきを かぶって、さむいでしょ
う。そうだ、この かさを かぶって ください」

おじいさんは、うれなかった かさを、おじぞうさんに かぶ
せて あげました。

「かさは いくつか。おじぞうさんは ろくにん、ひとつ たり
ないなあ。よし、わたしの かさを つかって ください」



4) Nakauwi sa kanilang bahay ang matanda.

At kinuwento niya ang nangyari.

“Nakita ko ang mga Jizo na mukhang giniginaw. Naawa ako sa kanila, kaya’t binigyan ko silang lahat ng salakot.”

“Mabuti ang ginawa mo. Natuwa siguro ang mga Jizo sa ginawa mo,” saad naman ng asawa niya.

4) おじいさんは、うちに もどりました。

「おばあさんや、おじぞうさんが さむそうだったから、わたしは かさを ぜんぶ おじぞうさんに あげて しまった」

「それは よい ことを しましたね。」

おじぞうさんも、きっと よろこんで いますよ」



5) Kinagabihan, habang namamahinga ang mag-asawang matanda, may narinig silang tinig na umaawit sa malayo at palapit ng palapit sa bahay nila.

“Saan naroon ang mabait na lolo? Saan naroon ang kanyang tahanan? Anim na Jizo sa tabi ng daan, Anim na salakot, kami’y binigyan.”

Tumigil ang pagkanta sa harap ng bahay ng mag-asawa.

May kumaluskos at sumunod naman ang malakas na tunog na parang may ibinagsak.

5) その よるの ことです。

おじいさんと おばあさんが ねて いると、とおくから
うたが きこえて きました。

「ろくにんの じぞうに すげがさ くれた じいさま おる
か いえは どこかの」

うたごえは、おじいさんと おばあさんの うちの まえで
ピタッと とまりました。

そして、がさがさ どーん と いう おおきな おとが
しました。



6) “Lola, Tingnan mo ito! May nag-iwan ng napaka-raming pagkain sa harap ng bahay natin: bigas, isda at iba pa!”

“Ay, oo nga! Ano kaya ang nangyari at saan naman galing iyan?”

Nakita nila ang anim na Jizo na papaalis. Sila ang nagdala ng mga ito bilang gantimpala sa kabaitan ng matanda.

Nagpasalamat ang mag-asawang matanda sa mga Jizo.

At pagkatapos, silang dalawa ay nagpatuloy na nanirahan nang masaya’t matiwasay.

Isinakalin ni Etsuko Desembrana

6) 「おばあさん、たいへんだ。うちの まえに おこめや
おさかなが たくさん おいて ある」

「あらまあ、いったい どう した ことでしょう」

ろくにんの おじぞうさんが、はこんで きて くれたのです。

おじいさんと おばあさんは、おじぞうさんに てを あわせ
て、おれいを いいました。

おじいさんと おばあさんは、それからも ずっと なかよく
くらししました。



Ang away ng alimango at ng unggoy

Isinulat ni Natsuko Hama


Iginuhit ni Youhei Yokoyama

さるかに

ぶん はま なつ子

え : よこやま ようへい

Kisah Monyet dan Kepiting	Indonesian	インドネシアご
Monkey and Crab	Ingles	えいご
원숭이와 게	Korean	かんこくご
La batalla del mono y el cangrejo	Espanyol	スペインご
猴子与螃蟹	Intsik	ちゅうごくご
さるかに	Hapon	にほんご
बाँदर र गँगटो	Nepali	ネパールご
Ang away ng alimango at ng unggoy	Filipino	フィリピンご
Khi và cua	Vietnamese	ベトナムご
Sarukani	Portuges	ポルトガルご



- 1) Ang kuwentong ito ay nangyari noong unang panahon. Nakapulot ng parang masarap na onigiri ang isang alimango. Sa pagkakataong iyon, dumating ang isang unggoy. "Nakapulot ako ng mas mainam diyan," sabi ng unggoy. "Mas mainam pa rito?" tanong ng alimango. "Buto ng kaki! Kapag itinanim mo ito, mamumunga ito ng mga prutas. O ano? Magpalitan ba tayo ng onigiri mo at ng buto ng kaki ko?" tanong ng unggoy. "Oo, sige," sagot ng alimango. Nagpalitan ang alimango at ang unggoy ng kanilang onigiri at buto ng kaki.

1) おかし、おかしの ことです。

かにが、おいしそうな おにぎりを ひろいました。

そこへ さるが やって きました。

「おれは、もっと いいもん ひろったぞ」

「もっと いいもんって？」

「かきの たねさ。じめんに うえれば みが なるぞ」

「どうだ、その おにぎり と とりかえっこ しねえか」

「うん。いいよ」

かには、おにぎり と かきの たねを とりかえました。



2) Lumabas ang suloy mula sa buto ng kaki.

Hindi nagtagal, lumaki ang puno ng kaki. Namunga ng maraming matamis na kaki.

Masayang masaya ang alimango.

"Sige, mamimitas nga ako at kakain," sabi ng alimango.

Sa sandaling iyon, dumating ang unggoy.

"Ako ang aakyat sa puno, para pumitas ng mga kaki para sa iyo," sabi ng unggoy.

"Sige nga." Ang unggoy ay magaling umakyat ng puno. Umakyat agad siya sa puno.

"Ang sarap! Ang tamis at ang lambot!" sabi ng unggoy.

"Oy unggoy. Hagisan mo naman ako ng isa!", sigaw ng alimango.

"Huh! Ito ang para sa iyo, berde at matigas na kaki!"

Inihagis ng unggoy ang matigas na kaki sa alimango.

Tumama ang kaki sa alimango, at napisa ito. Namatay ang alimango. Dahil sa nangyari, lumabas ang maraming maliliit na alimango mula sa loob ng napolisang katawan ng alimango.

2) かきの たねは めを だしました。

すくすく おおきく なって、あまい みを たくさん つけ
ました。かには おおよろこびです。

「さあ、とって たべよう」

そこへ さるが やって きました。

「おれが きに のぼって とって やろう」

「そうして おくれ」

さるは きのぼりが とくいです。するするっと きに のぼ
りました。

「ああ、うまい。あまくて やわらかくて うまいぞ」

「おおい、さるさん。わたしにも ひとつ なげて おくれ」

「ふん、おまえには この あおくて かたい かきだ！

それっ」

ぴしっ！ かには、ぺしゃんこに なって しんで しまいま
した。すると、かきの こうら から、こがにが たくさん
でて きました。



3) Pumunta sa bahay ng unggoy ang mga batang alimango para ipaghiganti ang kanilang inang alimango.

"Mga batang alimango, saan kayo pupunta?" tanong ng kastanyas.

"Magandang hapon po, mamang kastanyas. Pupunta po kami sa bahay ng unggoy para maghiganti," sagot ng mga batang alimango.

"Sige, sasama ako, at tutulungan ko kayo," sabi ng kastanyas. Pagkaraan ng ilang sandali,

"Mga batang alimango, saan kayo pupunta?" tanong ng tae ng baka.

"Magandang hapon po, mamang tae ng baka. Pupunta po kami sa bahay ng unggoy para maghiganti," sagot ng mga batang alimango.

"Sige, sasama ako, at tutulungan ko kayo," sabi ng tae ng baka. Habang naglalakad sila,

"Mga batang alimango, saan kayo pupunta?" tanong ng gilingan.

"Magandang hapon po, mamang gilingan. Pupunta po kami sa bahay ng unggoy para maghiganti," sagot ng mga batang alimango.

"Sige, sasama ako, at tutulungan ko kayo," sabi ng gilingan.

Naging mga kasama ng mga batang alimango ang kastanyas, ang tae ng baka at ang gilingan.



3) こがにたちは、おやがにの しかえしを するために
さるの うちに おかいました。

すると、「かにさんたち、どこへ いくの」

「こんにちは いがぐりさん。ぼくたちは さるに しかえし
に いくのさ」

「では、おいらも なかまに なりましょう」

しばらく すすむと、「かにさんたち、どこへ いくの」

「こんにちは うしの ふんさん。ぼくたちは さるに しか
えしに いくのさ」

「では、わしも なかまに なりましょう」

さらに いくと、「かにさんたち、どこへ いくの」

「こんにちは いしうすさん。ぼくたちは さるに しかえし
に いくのさ」

「では、おらも なかまに なりましょう」

いがぐりと、うしの ふんと、いしうすが、こがにたちの
なかまに なりました。



4) Dumating na sila sa bahay ng unggoy.

Pero wala pa ang unggoy dahil nasa labas ito. Hinintay nila ang pagbalik ng unggoy.

Pumasok ang kastanyas sa loob ng pugong.

Nagtago ang mga batang alimango sa loob ng batya na may lamang tubig.

Umupo ang tae ng baka sa may pintuan.

Umakyat ang gilingan sa itaas ng pintuan. Nakarinig sila ng tunog. Dumating na ang unggoy.

4) みんなは さるの うちに つきました。

さるは、でかけて いて るすでした。

みんなは さるの かえりを まつ ことに しました。

いがぐりは、いろりの はいの なかに もぐりこみました。

こがにたちは、みずの はいって いる おけに かくれまし

た。うしの ふんは、げんかんの てまえに べったりと

すわって います。いしうすは げんかんの うえに あがり

こみました。

ごとりと おとが して、さるが かえって きました。



5) "Ah, ang lamig lamig! Magpapainit nga ako ng apoy sa pugong," sabi ng unggoy.

"Pan!"

Ang kastanyas na nasa loob ng pugong na nainitan ay tumalon at dumikit sa puwit ng unggoy.

"Ang init!! Kailangan kong palamigin agad ang puwit ko!"

Tumalon ang unggoy sa loob ng batya na mayroong tubig.

"Kagat, kagat, kagat!" Ang mga batang alimango na nagtago sa loob ng batya ay pinagkakagat nila ang unggoy nang sabay-sabay.

"Aray ko! Aray ko!"

Tumakbong palabas ang unggoy para tumakas.

"Shuuuuu!!" Tamang tama, naapakan ng unggoy ang tae ng baka, nadulas siya at bumagsak.

"Ngayon na!"

Tumalon ang gilingan na nasa itaas ng pintuan patungo sa unggoy. Nadaganan ang katawan ng unggoy. At dahil dito, nadurog ang unggoy.

Isinakalin ni Natsumi Yamaoka, Maria Ella Narita



5) 「ああ、さむい、さむい。はやく いろりて、ひに あたろう」

「バチーン」

いろりの ひで あつく なって いた いがぐりが、さるのおしりに とびつきました。

「あちっ！！ はやく おしりを ひやさないと」

さるは みずの はいって いる おけに ザブン。

「ジョキ ジョキ ジョキ ジョキ」

その おけに かかれて いた こがにたちが、いっきに

さるの からだを きりだしました。

「いたたたたっ！」

さるは げんかん から そとに むかって スタコラ スタ
コラ。

「つるーん」

その とたん、うしの ふんを ふんで スッテンコロリン。

「それ、いまだ！ えいっ」

げんかんの うえから、いしうすが さるの うえに とびお
りました。

さるは いしうすに つぶされて、ペしゃんこに なって
しまいました。



Ang Napangasawang Ibong Tagak

Isinulat ni Natsuko Hama

Iginuhit ni Yohei Yokoyama

つるのよめさま

ぶん ^{はま} なつこ
文：浜 なつこ

え
絵：よこやま ようへい

Istriku, Si Burung Bangau	Indonesian	インドネシアご
The Crane Bride	Ingles	えいご
두루미 아내	Korean	かんこくご
Tsuru no yomesama o la novia-grulla	Espanyol	スペインご
仙鶴妻子	Intsik	ちゅうごくご
つるのよめさま	Hapon	にほんご
चुरूनो, योमेसामा (बकुल्ला, दुलही)	Nepali	ネパールご
Ang Napangasawang Ibong Tagak	Filipino	フィリピンご
Nàng vợ tiên hạc	Vietnamese	ベトナムご
Tsuru no Yomesama - A noiva Grua	Portuges	ポルトガルご



1) Noong unang panahon, may isang binatang naninirahan sa baryo sa may kabundukan.

“Sige, pupunta ako sa bundok at magpuputol ng kahoy.”

Pagkasambit ng binata sa kanyang sarili ay may bigla siyang narinig na tunog ng pagaspas.

Pak! Pak! Pak! At may nahulog na isang bagay na puti, mula sa langit.

“Ay, ito ay isang ibong tagak. Kawawa naman. May nakatusok na palaso. Tingnan ko at tutulungan kita.”

Hinugot ng binata ang palaso, at hinugasan niya ang sugat sa malinis na tubig ng ilog.

“Ayan, lumipad ka na't umuwi ka na sa langit,” saad ng binata. Binuhat ng lalaki ang tagak at itinaas niya ito patungo sa langit. At ito ay lumipad nang mahusay at masigla.

1) おかし おかしの ことです。

ある やまの むらに、わかものが ひとりで すんで いました。

「さあ、きょうも やまへ きを きりに いくと するか」
バサ バサ バサ

そらから しろい ものが おちて きました。

「おや、つる じゃないか。かわいそうに、やが ささって いるぞ。どれ、たすけて やろう」

わかものは つるの やを ぬいて、きれいな かわの みずで あらって あげました。

そうすると つるは げんきに なりました。

「ほうら、そらに かえるが いい」

わかものが つるを そらに おかって もちあげると、つるは、いきおいよく とんで いました。



2) Lumipas ang ilang araw, at sa isang gabi, may kumatok sa pintuan ng bahay ng binata.

“Tok! Tok! Tok!”

“Sino kaya ang dadalaw sa akin? Gabing gabi na't umuulan pa ng nyebe?” sambit ng binata. Pagbukas niya ng pinto, ang nakatayo doon ay isang dalagang maputi't maganda.

“Paki-usap, gawin mo akong iyong asawa,” sambit ng dalaga sa binata.

“Anong sinasabi mo? Hindi ako makapaniwala na may nais mag-asawa sa isang mahirap katulad ko,” saad ng binata na gulat na gulat.

“Kahit na ikaw ay isang mahirap, hindi po magbabago ang aking pasya. Pakiusap, patuluyin mo ako,” sambit ng dalaga. Parang isang panaginip ang pakiramdam ng binata,

at pinatuloy niya ang dalaga sa kanyang bahay.

Mula noon, nanirahan ang babae sa bahay ng lalaki, at masaya ang pamumuhay nila bilang mag-asawa.

2) それから なんにちか たった ばん、トン トン
トン とを たたく おとが しました。

「こんな ゆきの よるに、だれ だろう？」

わかものが とを あけると、いろの しろい きれいな
おすめさんが たって いました。


「わたしを おまえさまの よめさまに して ください」

「なにを いうんだ。こんな びんぼうな いえに よめの
くる はずがねえ」

「びんぼう など なんでも ありません。どうか わたしを
おいて やって ください」

わかものは ゆめを みて いるような きもちで、おすめさ
んを いえの なかに いれて あげました。

おすめさんは わかものの よめさまに なり、しあわせに
くらして いました。



3) Isang araw, sambit ng babae,

“Maghahabi ako ng tela doon sa kubo. Habang ako ay gumagawa, huwag na huwag mong silipin ang loob ng kubo.”

“Oo, nangangako ako na hinding hindi ako sisilip sa iyong gagawin,” sagot ng lalaki.

Tak! Tak! Tak! Tak!

Naririnig ng lalaki ang tunog ng paghahabi. Lumipas ang tatlong araw.

“Heto na po ang aking hinabing tela,” saad ng babae.

“Ay, giliw ko, nangayayat ka nang husto at hapong hapo ka na. Ngunit napakaganda naman ng iyong hinabi. Dadalhin ko ito sa bayan upang ibenta.” Saad ng lalaki.

3) ある ひの ことです。

「わたしは これから となりの こやで ぬのを おりま
す。ぬのを おって いる あいだは ぜったいに なかを
みないで くださいね」

「わかった。やくそくする。ぜったいに みない」

ぱったん ぱったん ぱったん ぱったん

ぬのを おる おとが きこえて きました。

そうして、みっかが すぎました。

「どうぞ、これが わたしの おった ぬのです」

「ああ おまえ。ずいぶんと やせて しまって。さぞ つか
れただろう。でも、なんて きれいな ぬのなんだ。

よし、これを まちへ うりに いこう」



4) Dahil napakaganda ng hinabi ng babae, maraming nais bumili nito. Isa sa mga mamimili ay nakasuot ng mamahaling kimono.

“Nais kong ihandog ito sa kamahalan. Pakiusap, ihabi nyo ako ng isa pang ganito. Babayaran ko kahit gaano man kataas ang halaga.”

Sambit ng mamimili. Tuwang-tuwang umuwi ang lalaki sa kanyang bahay.

“Ang tela mong hinabi ay gagawin daw kimono para sa kamahalan. Nais nilang bumili ng isa pa.”

“Isa pa? Sige masusunod. Ipangako mo ulit sa akin na hinding hindi ka sisilip sa loob ng kubo.”

Pakiusap ng babae. At pumasok sa loob ng kubo ang babae.

4) あまりの うつくしさに たくさんの ひとが うって
くれと いました。

その なかに、りっぱな きものを きた ひとが いました。

「これは、とのさまに さしあげたい ぬのだ。もう いちまい おって おくれ。おかねは いくらでも だす」

わかものは おおよろこびで いえに かえって きました。

「あの ぬのは、おとのさまの きものになる ことになった。あと いちまい ほしい そうだ」

「もう いちまい ですか。わかりました。こんども こやの なかを ぜったいに みないで くださいね」

そうして よめさまは、こやの なかに はいって いました。



5) Gayun pa man, walang sigla ang tunog ng paghahabi.

Taa...kk taa...kk Taa...kk taa...kk

“Ano kaya ang nangyari?” Bakit walang sigla ang tunog ng paghahabi? Pag-alalang sambit ng lalaki.

Sa lubhang pag-alala, hindi na niya matiis, at binuksan niya ang pintuan ng kubo. Pagbukas ng pinto, ang nakita niya ay isang ibong tagak.

Siya ay nagbubunot ng sariling balahibo, para gamitin sa paghahabi ng tela.

“Ah, ikaw!” gulat na saad ng lalaki.

5) ところが、ぬのを おる おとに げんきが ありません。

ぱっ……たん ぱっ……たん

ぱっ……たん ぱっ……たん

「どうしたんだろう。よわよわしい おとだ」

わかものは しんぱいで、がまん できずに、とを あけて
しまいました。

すると、そこには いちわの つるが いました。じぶんの
はねを ぬいて ぬのを おって いたのです。

「あ、おまえは！」



6) “Oo, ako nga. Ako ang ibong tagak na tinulungan mo noon. Mula noon, hinahangaan kita, dahil sa iyong kabaitan. Ngunit ngayong nakita mo na ang tunay kong anyo, hindi na ako maaaring manatili sa tabi mo. Paalam na sa iyo.”

Malungkot na paalam ng ibong tagak.

Pagkatapos, ang ibong tagak ay lumipad nang mataas, at siya’y umalis nang tuluyan.

Isinakalin ni Aiza Toyoshima, Etsuko Desembrana

6) 「はい。わたしは おまえさまに たすけて いただいた
つるです。あの ときから、おまえさまを おしたい して
いました。でも、この すがたを みられては もう おしま
いです。おそばに いる ことは できません。さようなら」
そう 言って、つるは そら たかく とんで 行って しま
ったそうです。



Ang Matapat na Lolong nagpasibol ng mga Bulaklak

Isinulat ni Natsuko Hama

Iginuhit ni Youhei Yokoyama

はなさかじい

ぶん はま なつ子 こ
文：浜 なつ子

え え
絵：よこやま ようへい

Kakek Pembuat Pohon Berbunga	Indonesian	インドネシアご
Old Man Hanasaka -Flower bloomer Grandpa	Ingles	えいご
꽃 피우는 할아버지	Korean	かんこくご
Hanasakajii o el abuelo que hizo floreecer el árbol	Espanyol	スペインご
开花爷爷	Intsik	ちゅうごくご
はなさかじい	Hapon	にほんご
हानासाकाजिई (फूल फुलाउने हजुरबा)	Nepali	ネパールご
Ang Matapat na Lolong nagpasibol ng mga Bulaklak	Filipino	フィリピンご
Ông lão làm hoa nở	Vietnamese	ベトナムご
O velhinho que fazia florescer	Portuges	ポルトガルご



1) Noong unang panahon, may matapat na matandang mag-asawa na naninirahan sa isang dakong lugar.

Sila ay may alagang aso na nangangalang “Puti”.

Ito ay kanilang inalagaan at itinuring sarili nilang anak.

1) おかし、おかしの ことです。

ある ところに、しょうじきもの の おじいさんと

おばあさんが いました。

ふたりには、しろ と いう なまえの いぬが いて、

こどもの ように、かわいがって いました。



2) Isang araw, si Puti at ang matapat na lolo ay nagpunta sa bundok.

“Hukayin mo dito! Aw! Aw! Hukayin mo dito! Aw! Aw!” ang tahol ni Puti sa matapat na lolo.

Sa paghuhukay ng matapat na lolo, naglabasan ang mga ginintuang pera! Ito ay nakita ng kapit-bahay nilang inggiterong lolo.

Pinuntahan nito ang bahay ng matapat na lolo upang hiramín si Puti. Pinahiram naman ng matapat na lolo si Puti kay inggiterong lolo.

2) ある ひ、おじいさんと やまへ いった しろが、
「ここ ほれ、わん わん。ここ ほれ、わん わん」と
ほえました。おじいさんが ほって みると、おかねが たく
さん でて きました。

それを みて いた となりに すむ よくばり じいさん
が、しろを かりに やって きました。

しょうじきものの おじいさんは しろを かして あげました。



3) Inutusan ng inggiterong lolo si Puti “Sige, tumahol ka.

Ituro mo sa akin kung nasaan ang gintong pera.”

Pumunta naman si Puti sa bukid at pagdating doon ay tumahol, “Aw! Aw!”

Naghukay ang inggiterong lolo, ngunit ang naglabasan galing sa hukay ay mga mababahong bagay.

Sa galit ng inggiterong lolo, pinukpok niya sa ulo si Puti!

“Kyan!” ang iyak ni Puti hanggang sa ito’y nawalan ng buhay.

3) よくばり じいさんは しろに むかって、

「さあ、ほえろ。こばんは どこだ」

しろは はたけで、「わん わん」と ほえました。よくばり

じいさんが、ほって みると ぷーんと、くさい ものが

でて きました。

おこった よくばり じいさんは しろの あたまを たたき

ました。

「きゃん！」

ひとこえ ないで、しろは しんで しまいました。



4) Inilibing ng matapat na mag-asawa si Puti at nagtanim sila ng puno sa libingan nito.

Sa isang sandali, ang puno ay lumaki, at ginawa nilang lusong ang kahoy nito. Sa paggawa nila ng malagkit, gamit ang lusong, sunud-sunod ang paglabas ng bigas, hanggang sa napuno ng bigas ang kanilang kusina!

4) しょうじきものの おじいさんと おばあさんは しろの
おはかに ちいさな きを うえました。

きは みるみる おおきく なり、ふたりは その きで
うすを つくりました。

その うすで おもちを つくと、つきから つぎへと
おこめが でて きました。

だいどころは おこめで いっぱいに なりました。



5) Dali-dali naman hiniram ni Inggiterong lolo ang lusong. Ngunit sa paggawa ng inggiterong lolo ng malagkit, naglabasan ang mga naggagalawang ahas. “Wah! Nakakapangilabot!” sigaw nito. Nagalit ang inggiterong lolo at sinunog nya ang lusong.

5) すぐに となりの よくばり じいさんが うすを
かりに やって きました。

よくばり じいさんが もちを つくと、へびが ぬるぬると
でて くるでは ありませんか。

「うわっ、きもち わるいっ！」

よくばり じいさんは おこって うすを もやして
しまいました。



6) “Ang lusong ni Puti kong mahal ay nagmistulang abo!”

Ang malungkot na saad ng matapat na lolo.

Inipon nya ang abo at ito’y kanyang sinabog sa libingan ni Puti.

Sa kanyang pagsasabog, nagsibulan ang mga bulaklak sa paligid. Pumanik ng puno ang matapat na lolo.

“Mamulaklak, mamulaklak! Sige, mamulaklak kayong mga usbong ng tuyot na sanga ng puno!” saad niya habang sinasabog ang mga abo.

Namulaklak ang mga usbong ng Seresa at Melokoton.

Habang nangyayari yuon, ang hari ay napadaan.

“Ito ay napakahusay!” puri ng hari sa matapat na lolo.

Dahil sa kahusayang ginawa ng matapat na lolo, siya ay binigyan ng gantimpala ng hari.

6) 「だいじな しろの うすが はいに なって しまっ
た」

しょうじきものの おじいさんは がっかり。

はいを あつめて、しろの おはかに まいて あげました。

すると、そこらじゅうに はなが さきました。おじいさんは

きに のぼって、「はなさかじい、はなさかじい。さあさ、かれ

きに はなを さかせましょう」と いいながら、はいを

まきました。さくらや ももの はなが いっぱい さきました。

そこに、おとのさまが とおりかかりました。

「これは みごとだ」

おとのさまは しょうじきものの おじいさんに ごほうびを

あげました。



7) Nakita ng inggiterong lolo ang lahat ng pangyayaring ito kaya inipon niya ang abo. Dali-dali siyang pumanik ng puno. “Mamulaklak, mamulaklak! Sige, mamulaklak kayong mga usbong ng tuyot na sanga ng puno!” saad ng inggiterong lolo habang nagsasabog ng abo.

Nakita siya ng hari at inutusan ito,

“Ikaw! Pamulaklakin mo ang mga usbong ng mga tuyot na sanga ng puno!”

“Opo! masusunod po, Kamahalan!” sagot niya sa hari.

“Hoyyyy! Hoy!” ang utos niya sa puno. Ngunit wala man lang sumibol kahit na isang bulaklak. Gayun pa man, patuloy pa rin ang kanyang pagsabog ng abo.

Ang abo ay pumasok sa mata at ilong ng hari.

“Ikaw ay huwad!” ang sigaw ng hari; at inutusan ang kanyang tauhan, “Hulihin siya!”

Ang inggiterong lolo ay hinuli at ikinulong.

Isinakalin ni Aiza Toyoshima at Richelle Ligot

7) これを みた よくばり じいさんは、はいを あつめま
した。すぐに きに のぼって、「はなさかじい、 はなさかじ
い。さあさ、かれきに はなを さかせましょう」と いいました。
おとのさまは、よくばり じいさんに いいました。

「そこの はなさかじい。かれきに はなを さかせて みよ」

「ははっ、かしこまりました。そうれ、ほーい、ほい」

ところが ちっとも はなが さきません。

よくばり じいさんは どんどん はいを まきました。

その はいが、おとのさまの めや はなの なかに はいっ
て しまいました。

「おまえは にせものだな。とっとと つかまえろ」

よくばり じいさんは とうとう ろうやに いれられて
しまいました。

バイリンガル にほんむかしばなし

ご にほんご
フィリピン語と日本語

ぶん はま こ
文：浜 なつ子

ねん ち ばけん う りっきょうだいがくいだいがくいんしゅうりょう さんけいしんぶん ふ じんめんとんどう きしゃ
1955年千葉県生まれ。立教大学大学院修了。産経新聞婦人面担当記者

へ ちよしょ あさひやまどうぶつえん ものがたり かどかわ ぶん
を経てフリーに。著書に『旭山動物園12の物語』（角川ソフィア文

こ てきせいかつ こうだんしゃぶん こ
庫）『アジア的生活』（講談社文庫）などがある。

え
絵：よこやま ようへい

おおさかげいじゆつだいがくそつ おも さくひん な がみ
大阪芸術大学卒。主な作品に『ビワイチ!』『泣き神さまサワメ』『おた

ようかい ぶんけんしゅっぱん なつ かどかわかくげいしゅつ
すけ妖怪ねこまんざ』（ともに文研出版）『夏のサイン』（角川学芸出

ばん しゅっぱん
版）『おばっちのブイサイン』（くもん出版）などがある。

ほんやく やまおか
翻訳：山岡なつみ、Etsuko Desembrana

ほん しせいさくきょうりよくしゃ じゆん ふ どう
本誌制作協力者（順不同）

かつべさちこ よこたすみよ しのはらゆうみ
ブッククラブえほんだな!、勝部幸子、横田住代、篠原優海、

なかに あらきまさこ ひいろのりこ いしはらひろこ
中谷そのか、新木雅子、日色則子、石原弘子

たげんご えほん かい
<多言語絵本の会RAINBOW>

もくてき
【目的】

- ① 外国につながる子どもたちの母語、母国語の保持、育成
- ② 日本語で育つ子どもたちの外国語への興味、関心の拡大
- ③ 外国につながる人たちの社会参加の機会

ねが かつどう
を願って活動しています。

かつどうないよう
【活動内容】

たげんご がっこう としょかん
多言語よみきかせ（学校や図書館などで）

たげんご でん し えほん せいさく
多言語電子絵本の制作

(RAINBOW のホームページサイトで公開)



<http://www.rainbow-ehon.com>

じゅしょうれき
【受賞歴】

2017年 ねん はくほうしょう
博報賞










2018年 ねん ぶん か ちようちようかんひようしょう
文化庁長官表彰

2019年 ねん こうろうしょう こ か ていきよくちようしょう
厚労省子ども家庭局長賞

れんらくさき
【連絡先】

nihongo_crayons@yahoo.co.jp

RAINBOW ^{かくげんご} の各言語ページ

にほんご		えいご		ちゅうごくご	
かんこくご		ポルトガルご		スペインご	
インドネシアご		フィリピンご		ベトナムご	
ネパールご		タイご		ロシアご	
その他のアジアのことば		その他のヨーロッパのことば		アラビアご	
スワヒリご					

たげんごでんし えほんぶんこ
多言語電子絵本文庫

1	バイリンガル にほんむかしばなし	インドネシア語と日本語
2		英語と日本語
3		韓国語と日本語
4		スペイン語と日本語
5		中国語と日本語
6		ネパール語と日本語
7		フィリピン語と日本語
8		ベトナム語と日本語
9		ポルトガル語と日本語
10	ロシア民話 金の魚のはなし	日本語、ロシア語、英語、 中国語、ポルトガル語